## Kabataang Pilipino: Pag-asa o Problema ng Bayan?

### 3. Ang Tatlong Kaaway Na Sanhi Ng Mga Pressures In Life

Noong ikalawang bahagi nakita natin na ang pressures in life ng lahat ng tao ay bunga ng pagbabago ng kalikasan ng tao mula sa pagiging makadiyos ito ay naging makasarili.

Ang dami ng kabataan ang naligaw na ng landas. Nalulong na sa mga bisyo katulad ng alak, sigarilyo at iba pa, nasangkot sa Premarital Sex at nabuntis ng maaga, hindi nakatapos ng pag-aaral dahil naimpluwensyahan ng barkada o hindi kaya'y nalulong sa sugal. Maraming kabataan ang matatawag mo pang pag-asa ng bayan, may mataas na pangarap sa buhay, may pagpapahalaga sa edukasyon at may pagmamahal sa bayan, ngunit mas marami pa rin ang mga kabataang walang direksiyon sa buhay, mga kabataang nagbago kasabay ng paglipas ng panahon.

Ngunit sino o ano ba ang sanhi ng mga pressures na ito? Iyan ang ating aalamin sa ating pag-aaral ngayon.

**TIME OUT**

- Ano ang bunga ng pressures in life ng lahat ng tao?

  ______________________________________________________________________

- Bakit maraming kabataan ang naligaw ng landas?

  ______________________________________________________________________

- Mayroon pa bang mga kabataan na matatawag na pag-asa ng bayan? Ipaliwanag ang iyong sagot

  ______________________________________________________________________

  ______________________________________________________________________

**PAG-ISIPAN:**

| | |
|---|---|
| Ang aking Alam | Ang sanhi ng mga pressures sa aking buhay ay? |
| | Ang aking dapat pagkatiwalaan ay si? Dahil? |

**PAG-ARALAN:**




Basahin ang mga talata at sagutin ang mga tanong.

1. Roma 7:14
   Alam nating ang Kautusan ay espirituwal, ngunit ako'y makalaman at alipin ng kasalanan.
2. Roma 7:25
   Wala nang iba pa kundi ang Diyos sa pamamagitan ni Jesu-Cristo na ating Panginoon! Salamat sa Kanya! Ito nga ang kalagayan ko: sa pamamagitan ng aking isip, pinaglilingkuran ko ang Kautusan ng Diyos, ngunit sa pamamagitan ng aking katawang makalaman ay pinaglilingkuran ko ang tuntunin ng kasalanan.
3. Roma 8:7-8
   Kaya nga, kapag itinuon ng tao ang kanyang pag-iisip sa mga hilig ng laman, siya'y nagiging kaaway ng Diyos sapagkat hindi siya nagpapasakop sa batas ng Diyos, at sadyang hindi niya ito magagawa. At ang nabubuhay ayon sa hilig ng laman ay hindi maaaring kalugdan ng Diyos.
4. Roma 12:2
   Huwag kayong makiayon sa takbo ng mundong ito. Sa halip, hayaan ninyong baguhin ng Diyos ang inyong pag-iisip upang maunawaan ninyo ang kanyang kalooban. Sa gayon, magagawa ninyo kung ano ang mabuti, kalugod-lugod at ganap na kalooban ng Diyos.
5. 1 Juan 2:15
   Huwag ninyong ibigin ang sanlibutan o ang mga bagay na nasa sanlibutan. Ang umiibig sa sanlibutan ay hindi umiibig sa Ama.
6. 1 Peter 5:8
   Maging handa kayo at magbantay. Ang diyablo, ang kaaway ninyo, ay parang leong umuungal at aali-aligid na naghahanap ng malalapa.
7. 2 Corinthians 11:14
   Hindi ito kataka-taka sapagkat si Satanas man ay nagkukunwaring anghel ng liwanag.

- Ayon sa una at ikalawang talata, ano ang sinasabi tungkol sa katayuan ng tao?

  ________________________________________

- Paano nagiging kaaway ng tao ang Diyos?

  ______________________________________________

- Ayon sa Roma 12:2 at 1 Juan 2:15, bakit hindi dapat ibigin ng tao ang sanlibutan?

  ______________________________________________

- Bakit dapat lagi tayong magbantay at maghanda?

  ______________________________________________

- Sino ang nilalang na nagkukunwaring anghel ng liwanag? At paano niya ito nagagawa?

  ______________________________________________

**PAG-USAPAN:**

Ang unang pinanggalingan ng pressures sa teenagers na dapat bantayan ay ang sariling pagnanasa. Ito ang internal pressure – galing sa loob ng sariling pagkatao. Ang pressure na galing sa makasalanang kalikasan ng ibang tao sa mundo ay nagiging external source of pressure sa isa't-isa. Ang tinatawag namang peer pressure ay pressure galing sa mga kaibigan o kasamahan.

Samakatuwid, ang unang kaaway ng mga kabataan ay ***ang makasalanang kalikasan ng tao;*** taglay niya at taglay ng iba.

Ang original na makadiyos na tao na pinagkalooban ng Diyos nang pamamahala sa mundo ay naging makasarili ng siya ay nahulog sa kasalanan. Ito ang napag-aralan natin sa nakaraang lesson. Dahil sa kasalanan naging corrupt ang puso ng tao at ang kanyang isip ay nagdilim. Ang nasa isip lamang niya ay magkaroon ng self gratification. Kaya naman, ang kanyang mga naisin ay ang mga bagay na makapagbibigay lamang sa kanya ng kasiyahan. Hindi na maisip ng tao na bigyang kaluguran ang Diyos. Ang kanyang ikikilos at isasapamuhay ay maliwanag na taliwas o hindi na sang-ayon sa kung ano ang kalooban ng Diyos.

Ang kabataan na pinagsasabihan ng kanyang magulang na mag-aral ng mabuti sapagkat ito ang tamang gawin ay mas gugustuhin sundin ang kanyang naisin na maglakwatsya na lamang.

Kung ang kabataang ito ay nag-iisip pa, maaaring magkaroon ng pagtatalo sa kanyang isipan kung susundin niya ba ang payo ng magulang o hindi subalit kung totally corrupt na ang puso at isip ng kabataan siguradong wala na siyang pakikinggan at magiging manhid na ang kanyang puso, ibig sabihin wala na ring struggle na mararanasan, automatic na ang gagawin niya ay ang mali.

Ang ikalawang kaaway na sanhi ng pressures in life ay ***ang mundo.***

Kung babalikan natin ang pagkalikha ng sansinukob at ang tao laging sinasabi ng Diyos ang mga katagang it is good matapos Niya itong pagmasdan. Lahat ng bagay na Kanyang nilikha ay nagbigay kasiyahan sa Kanya. Ibig-sabihin walang pangit na nilikha ang Diyos.

Kapansin-pansin sa ating society ngayon ang walang katapusang body shaming o kaya naman ay pamimintas ng mga tao sa isa't-isa. Kaya naman ang lahat ay pilit na nakiki-ride kung ano ang maganda ayon sa standard ng society o kung ano ang uso o katanggap-tanggap sa mata nila.

Kapansin-pansin din kung paano nagiging self-centered ang tao through social media. Kapag ang nakita nila sa iyo ay hindi acceptable sa standard nila asahan natin isang katutak na panlalait at pamimintas ang tatanggapin mo. Dalawang bagay lang ang kahihinatnan nito magpapapressure ka to keep up with their standard o ma-deppress at maapektuhan ang mental health.

Lantad na lantad ang pressure ng mundo sa fashion. Papalit-palit ang uso sa pananamit kaya naman ang isang kabataan ay gagastos ng gagastos para lang makasunod sa kung ano ang uso.

Bukod sa fashion, nariyan din ang mga productong pampaganda o pampaputi sapagkat para sa karamihan maganda ang maputing balat. Naroon ang pagnanais na hangaan sila ng ibang tao.

Sa mundo ng telebisyon, bakit punong-puno ng malalaswang panoorin ang taglay nito. Para ang mga mamamayan ay ma-brainwash sa paggaya ng makamundong gawain at malunok ang kasinungalingan ng mga advertisements. At ang mga kabataan ay madala sa sex world ng mga demonyo. Ang gusto ni Satanas ay huwag mag-isip ang mga tao kaya entertainment ang palabas para wala nang isip-isip.

Kung tinuturing mo na ikaw ay isang Cristiano, ang babalang ito na nagmumula sa Bibliya ay para sa iyo: Huwag na kayong makiayon sa takbo o agos ng mundo bagkos ay magpabago ka sa pamamagitan ng pagbabago ng iyong isipan. Nang sa ganoon masusubukan mo at maaaprubahan kung ano ang kalooban ng Diyos – ang Kanyang mabuti, kasiya-siya at perfectong kalooban (Romans 12:2).

Eto pa ang sabi sa Bibliya, ang pag-ibig ng Diyos ay wala sa mga nagmamahal sa mundo at sa mga bagay ng kamunduhan. Ang lahat ng nasa mundo - ang pagnanasa ng hayop na nasa laman, ang kasakiman ng mata at ang kayabangan ng mga sikat - ay hindi galing sa Diyos kundi sa mundo (1 John 2:15).

Ang ikatlong kaaway ng tao ay walang-iba kundi ***ang diablo, si Satanas.***

Sinasabi ng Bibliya na si Satanas ay ang sinaunang ahas na nasa Hardin ng Eden. Pinasukan ni Satanas ang pinakatuso sa lahat ng hayop at ito ang kanyang ginamit na panunukso sa tao. Samakatuwid si Satan ang may influence sa likod ng lahat ng ito. Gumagamit siya ng mga iba't-ibang paraan, mga bagay at tao para maisakatuparan ang kanyang layunin upang mapalayo ang tao sa Diyos. Siya ang nasa likod ng pag-uudyok para makiliti ang mga makasalanang desires ng tao. Siya rin ang may influence kung bakit ang lahat ng tao sa mundo are thinking and acting the way they do.

Sinasabi sa Bibliya na ang diablo ay parang umaatungal na leon na nagmamasid-masid at naghahanap kung sino ang kanyang masasakmal at malalapa. Kaya maging mapagpigil kayo sa inyong sarili at alerto (1 Peter 5:8). Ang babalang ito ay bagay na bagay sa mga kabataan sapagkat sa isip ni Satanas, kayang-kaya niya ang mga Pilipino teen-agers.

Binababalaan din ang mga Cristiano na si Satanas ay mahusay magpanggap na anghel ng liwanag (2 Corinthians 11:14). Maaaring gamitin niya ang isang kaibigan o kamag-aral sa panunukso. Mahusay siyang magsinungaling kaya mahusay siyang mang-ingganyo o mapaniwala ang isang bibiktimahin na wala namang masamang mangyayari kung susubukan niya ang premarital sex o mag-snatch ng bag, bagkos ito ay challenge. Kasiyahan lamang. Pag nakalusot minsan, bakit hindi palagiang gawin?


Si Joy ay 1st year college sa University of Saint Louis. Siya ay mula sa marangyang pamilya. Lahat ng kanyang naisin ay natutugunan agad ng kanyang magulang. Sa halip na gamitin ni Joy ang pagkakaroon nila ng pera sa mabuting paraan ay mas ginagamit niya ito upang lahat ng kanyang mga kagustuhan ay matugunan. Isang araw, habang nanonood si Joy, biglang lumabas ang isang advertisement tungkol sa bagong labas na iphone 14Pro, na excite bigla si Joy at sinabi niya kay Nanay na nais niyang magkaroon agad ng ganoong cellphone. Ngunit sinabi ni Nanay na huwag muna dahil bago pa ang kanyang cellphone. Sa halip na ibili ng cellphone ay ibabahagi muna nila ito sa isang charity. Nagalit si Joy kaya nag-isip siya ng paraan. Sinabi niya kay Nanay na meron silang project sa school kaya kailangan niya ng pera. Siya ay nagsinungaling. Patuloy niya itong ginawa hanggang sa nakaipon siya ng pambili ng cellphone. Nagtaka si Nanay dahil wala naman siyang nakikitang project na ginagawa sa bahay kaya pumunta siya sa school at nagtanong sa adviser ni Joy. Nalaman niyang nagsinungaling lamang ang kanyang anak. Pag-uwi ni Joy, pinagalitan siya ni Nanay. Sinabihan siya na dahil sa kanyang pagnanasa sa isang bagay na hindi niya naman kailangan ay nagbunga pa ito ng isa pang kasalanan - ang pagsisinungaling. At si Joy ay grounded ng tatlong buwan, at may limit ang kanyang paggamit ng mga gadgets.

Sa iyong palagay, ikabubuti ba ni Joy ang ginawa ng kanyang ina sa kanya? At bakit?

________________________________________

________________________________________

________________________________________



Maliwanag sa ating familiar story na isa lamang ang pakay ng diablo na natutok sa kabataan – ang sirain ang kanyang kinabukasan. Kung matukso niyang maging makasarili at

mapusok ang isang teen-ager, ayos lang sa kanya iyon dahil malamang-lamang na pighati o bilangguan ang bagsak niya. Alam nang lahat na kapag nangyari ito tiyak na mahihirapan nang makabangon ang isang teen-ager.

Kung ganito katinik at kalakas si Satanas, ano na ang magagawa ng isang kabataan? Dito naman papasok ang pagtitiwala sa salita ni Cristo na nagsasabi sa Kanyang mga alagad na, Sa akin ay mayroon kayong kapayapaan. Sa mundo, ang naghihintay sa inyo ay problema. Subalit, huwag kayong mawawalan ng loob! Nagapi Ko na ang mundo (John 16:33). At siyempre, kasama sa nagapi ni Cristo ay ang diablo. Samatuwid, na kay Cristo at ang pagtitiwala sa Kanyang mga pangako nakasalalay ang tagumpay ng mga kabataan. Tagumpay laban sa pagnanasa ng kanilang sariling laman na uhaw sa kasiyahan, laban sa takbo ng mundo at laban sa banta ng diablo.

Huwag nating kalimutan ang isang kasabihan sa Pilipinas – Habang may buhay ay may pag-asa.

**PAG-BULAYBULAYAN:**

1. Bakit dapat maging aware ka kung sino at ano ang nasa likuran ng pressure na nararanasan mo sa iyong buhay?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Sa modernong panahon na iyong kinalalagyan, may pag-asa pa bang bumuti ang mga kabataang natukso na ng diyablo na maging makasarili at mapusok? Ipaliwanag mo ang iyong sagot

   ______________________________________________

   ______________________________________________

<table>
<tr><td rowspan="2">Natutuhan ko na</td><td>Ang sanhi ng mga pressures sa aking buhay ay?</td></tr>
<tr><td>Ang aking dapat pagkatiwalaan ay si? Dahil?</td></tr>
</table>

**Verse of the Day:**

Maging handa kayo at magbantay. Ang diyablo, ang kaaway ninyo, ay parang leong umuungal at aali-aligid na naghahanap ng malalapa. ***1 Peter 5:8***